simcoe muskoka DISTRICT HEALTH UNIT

www.smdhu.org/GetBoosted



Ang COVID-19 virus ay kumakalat sa ating komunidad, at dahil dito'y mahalaga na protektahan ng lahat ang kanilang mga sarili at ang ibang mga tao nang hindi nila makuha ang virus at nang hindi sila magkasakit nang malubha.

Ang pagkuha ng lahat ng mga inirerekomendang dosis ng COVID-19 vaccines, kasama ang boosters, ay magproprotekta sa iyo, sa iyong pamilya, at sa iyong mga kaibigan.

Natutunan natin na ang proteksyon mula sa COVID-19 vaccines at sa immunity na nakukuha natin pagkatapos magkaroon ng COVID-19 ay nababawasan sa katagalan ng panahon. Ang mga rekomendasyon para sa vaccine ay magbabago habang nadaragdagan ang ating kaalaman tungkol dito.

Ang boosters ay available sa local vaccination clinics, sa mga parmasyotika, at sa ilang opisina ng mga doktor.

Maaari kang magpabakuna nang walang health card. Kailangan mo ng ID at katunayan ng iyong address.

May libreng transportasyon na available upang magpabakuna.

May available na translation o pagsasalin sa ibang wika sa mga clinic, pero maaari ka ring magdala ng isang táong magsusuporta at tutulong sa iyo sa translation kung ito ang mas gusto mo.

Kumuha ng tunay na impormasyon tungkol sa vaccines mula sa sources tulad ng Health Canada o ng Pamahalaan ng Ontario.

Ang booster ay ligtas at walang mga karagdagang side effects o masasamang epekto kumpara sa maaasahan mo sa ibang mga dosis ng COVID-19 vaccine.